Oo, Insured ka!

Ayon sa batas, maaaring mag-claim ng mga benepisyong nakapaloob sa R.A. 10022 kung ikaw ay:

1. Dumaan sa proseso ng isang recruitment o manning agency na lisensyado ng POEA upang mag-trabaho sa ibang bansa
2. Isang Agency-hired OFW na nasa mabuting kalusugan mula sa pagkakabisa ng compulsory insurance coverage

Paalala: Siguraduhing mayroong kopya ng iyong Overseas Employment Certificate (OEC) at proof of cover ng OFW Compulsory Insurance.

	INSURANCE BENEFIT	RECIPIENT
1	Death Benefit - Accidental	OFW's beneficiaries
2	Death Benefit - Natural	OFW's beneficiaries
3	Permanent & Total Disability Benefit	OFW
4	Repatriation Cost Benefit	Recruitment agency / Gumastos para sa repatriation
5	Money Claims	Nanalo sa kaso sa NLRC
6	Compassionate Visit	OFW's beneficiary / Gumastos para sa ticket
7	Subsistence Allowance	OFW
8	Medical Evacuation	OFW / Gumastos para sa evacuation
9	Medical Repatriation	OFW / Gumastos para sa repatriation

Para sa karagdagang impormasyon at sagot sa inyong mga katanungan, maaring pumunta sa:
www.insurance.gov.ph/ofw/faq

DIRECTORY

Insurance Commission

Head Office:
1071 United Nations Avenue, Manila
(+632) 523-8461 to 70
pubassist@insurance.gov.ph

Cebu District Office:
Almase Building, 80 Osmena Boulevard, Cebu City
+63(32) 254-0861

Davao District Office:
3rd Flr., YAP Building, Quimpo Boulevard, Ecoland, Davao City
+63(82) 305-2451

Philippine Overseas Employment Administration (POEA)

Blas F. Ople Building, Ortigas Avenue corner EDSA, Mandaluyong City
(+632) 722-1144 / (+632) 722-1155
info@poea.gov.ph

Overseas Workers Welfare Association (OWWA)

7th St. corner F.B. Harrison, Pasay City, Philippines
(+632) 833-6992 / 551-1560 / (833OWWA) / (+632) 891-7601 to 24
Globe HOTLINE 2917 / Press 3 for OWWA
SMS: (+63) 917 898 6992 / (TXT.OWWA)
opcenter7@owwa.gov.ph / owwa_opcenter@yahoo.com

National Labor Relation Commission (NLRC)

PPSTA Building, No. 5, Banawe corner P. Florentino st., Quezon City
(+632) 781-7881 / (+632) 740 - 7730

Agency-Hired

OFW Compulsory Insurance



Compulsory Insurance Coverage for Agency-Hired Migrant Workers

Agency-Hired OFW Compulsory Insurance

Ang Agency-Hired OFW Compulsory Insurance o Compulsory Insurance Coverage for Agency-Hired Migrant Workers ay isang pamamaraan na binigyang bisa ng Migrant Workers and Overseas Filipinos Act of 1995 or R.A. 8042, as amended by R.A. 10022, para magbigay ng 'insurance protection' para sa mga OFWs.

Ang coverage na ito ay para sa mga agency-hired OFWs nang walang karagdagang gastos.

Non-life Benefits

REPATRIATION COST

Kung ang insured na OFW ay nakaranas ng ilegal na pagkatanggal sa trabaho, hindi nakatanggap ng kaukulang sahod, pangmamaltrato, o nalagay sa hindi katanggap-tanggap na kondisyon ng pamumuhay, ang gastos sa pagbalik niya sa bansa ay sagot ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance.

SUBSISTENCE ALLOWANCE BENEFIT

Ang OFW na insured ay maaring makakuha ng US$100.00 kada buwan hanggang sa loob ng 6 na buwan kung siya ay 'involved' sa isang kaso o paglilitis sa bansang pinagtatrabahuhan.

MONEY CLAIMS

Ang money claims ay 'settlement money' o 'adjudged amount' na katumbas ng 3 buwan sa bawat taon ng kontrata at hindi hihigit sa US$1,000.00 kada buwan. Ito ay matatanggap ng OFW kung mayroon nang pabor na desisyon sa kanyang isinampang kaso laban sa recruitment agency.

COMPASSIONATE VISIT

Kung ang insured na OFW ay maospital sa loob ng hindi bababa sa 7 araw, ang insurance company ang gagastos para sa airline ticket ng isang kamag-anak ng OFW o ng isang taong napili niya patungo sa pinakamalapit na 'major airport' na malapit sa ospital ng OFW.

MEDICAL EVACUATION

Kung ang pangangailangang medikal ng insured OFW ay hindi kayang tugunan ng ospital, ang insurance company ang gagastos para sa transportasyon upang mailipat ang OFW sa ospital na kaya siyang gamutin.

Sa ganitong pagkakataon, ang pagsang-ayon ng 'primary doctor' ay kinakailangan para sa paglipat.

MEDICAL REPATRIATION

Kung ang insured na OFW ay hindi na makakapagtrabaho dahil sa 'medical reasons', anumang gastos sa pagpapauwi sa Pilipinas ay sagutin ng insurance company.

Life Benefits

ACCIDENTAL DEATH

Kung ang insured OFW ay namatay dahil sa aksidente, ang kanyang mga 'beneficiaries' ay makakatanggap ng US$15,000.00.

NATURAL DEATH

Kung ang insured OFW ay namatay dahil sa 'natural causes', ang kanyang mga 'beneficiaries' ay makakatanggap ng US$10,000.00.

PERMANENT TOTAL DISABLEMENT

Kung ang insured OFW ay buo at permanenteng nabalda dulot ng aksidente o komplikasyon habang siya ay nagtratabaho, siya ay makakatanggap ng US$7,500.00.

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa nito:
- Permanenteng pinsala sa parehong mata;
- Permanenteng pinsala sa parehong kamay (maaring naparalisado o putol sa pulso o mas mataas na pulso);
- Permanenteng pinsala sa parehong paa (maaring naparalisado o putol ang bukong-bukong o mas mataas sa bukong-bukong);
- Permanenteng pinsala sa ulo (maaring comatose o pagkabaliw).

Ang Proof of Cover (POC) ay patunay na ang isang agency-hired OFW ay sakop ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance.

Siguraduhing may kopya ng POC ang insured OFW at ang kanyang mga beneficiaries. Ito ay kakailanganin sa pag-proseso ng claims.

Documentary Requirements

Accidental or Natural Death or Disablement Claim

a) Duly accomplished claim form
b) Death Certificate – para sa natural o aksidenteng pagkamatay
c) Police or Accident Report – para sa aksidente
d) Medical Certificate – para sa permanenteng pagkabaldado

Repatriation Claim / Reimbursement for Return Trip Ticket

a) Duly accomplished claim form
b) Certification mula sa Philippine Foreign Post o sa Philippine Overseas Labor Office (POLO) sa host country na nagsasaad ng mga rason para sa repatriation ng OFW
c) Para sa Return Trip Ticket: Passport, Official Receipt (photocopy)
d) Return Trip ticket (photocopy)

Subsistence Allowance Benefit Claim

a) Duly accomplished claim form
b) Certification mula sa POLO sa host country na nagsasaad ng pangalan ng kaso kung saan sangkot ang OFW, mga partido sa kaso, at 'nature' ng 'cause of action' ng OFW

Money Claims

a) Certified True Copy ng National Labor Relations Commission (NLRC) 'decision' o 'compromise agreement'

Compassionate Visit

a) Medical Report
b) Certification na nagpapatunay na naospital ang insured na OFW sa loob ng hindi bababa sa 7 araw
c) Kopya ng airline ticket
d) Official receipt ng airline ticket

Medical Evacuation / Repatriation

a) Medical Certificate
b) Dokumentong nagpapakita kung sino ang nagbayad sa medical evacuation/repatriation
c) Dokumentong nagpapakita ng lahat ng ginastos at kabuuang ginastos para sa medical evacuation/repatriation

Makipag-ugnayan sa inyong recruitment agency para sa proseso ng pag-file ng claim sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance.